7

# Learning Activity Sheet sa FILIPINO

# Kuwarter 3- Week 1- MELC 2

## Paghahambing Ng Mga Katangian Ng Tula/Awiting Panudyo, Tugmang De Gulong, At Palaisipan (Karunungang Bayan)



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# Learning Activity Sheet 2

Pangalan ng Mag-aaral: ____________________ Taon at Pangkat: ____________
Petsa: ______________

## FILIPINO 7 ACTIVITY SHEET
### ANG MGA KARUNUNGANG BAYAN

**I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA**

Naihahambing ang mga katangian ng tula/awiting panudyo, tugmang de gulong, bugtong, at palaisipan. **F7PB-IIIa-c-14**

**II. PANIMULA (SUSING KONSEPTO)**

### ANG MGA KARUNUNGANG BAYAN

Ang pagkadiwang makata ay likas sa ating mga ninuno. Ayon kay Alejandro Abadilla, "Bawat kibot ng kanilang bibig ay may ibig sabihin." Ito ang ipinalalagay na pangunahing dahilan kung bakit nabuo ang iba pang mga akdang patula tulad ng sumusunod:

**1. Tula/ Awiting Panudyo**– Ito ay isang uri ng akdang patula na kadalasan ang layunin ay manlibak, manukso o mang-uyam. Ito ay kalimitang may himig nagbibiro kaya ito ay kilala rin sa tawag na pagbibirong patula. Ang mga ito ay kadalasang naririnig sa mga batang naglalaro sa kalye.

**Halimbawa:**

***Batang makulit**
**Palaging sumisitsit**
**Sa kamay mapipitpit**

***Ang team ninyo'y medaling matalo**
**So what pake nyo kung matalo kami!**

**2. Tugmang de Gulong**- Ito ay mga paalala o babala na kalimitang makikita sa mga pampublikong sasakyan. Sa pamamagitan nito ay malayang naipararating ang mensaheng may kinalaman sa pagbibiyahe o paglalakbay ng mga pasahero. Maaaring ito ay nasa anyong salawikain, kasabihan o maikling tula.

**Halimbawa:**

**a. Dalagang maganda, barya lang po sa umaga.**
**b. Sitsit ay sa aso, katok ay sa pinto, sambitin ang "para" sa tabi, tayo'y hihinto.**
**c. Ang di magbayad walang problema, sa karma pa lang bayad ka na.**

**3. Bugtong–** Ito ay isang pahulaan sa pamamagitan ng paglalarawan ng maiikling detalye tungkol sa sagot. Binibigkas ito nang patula at kalimitang maiksi lamang.

**Halimbawa:**

- **a. Maliit pa si Totoy, marunong nang lumangoy. (isda)**
- **b. Gumagapang pa ang ina, umuupo na ang anak. (kalabasa)**
- **c. Nagtago si Pilo, nakalitaw ang ulo. (pako)**
- **d. Sa umaga ay bumbong, sa gabi ay dahon. (banig)**

**4. Palaisipan–** Ang palaisipan ay pahulaan na nasa anyong tuluyan. Layunin nito ang pukawin at pasiglahin ang kaisipan ng mga taong nagkatitipon-tipon sa isang lugar na susubok mabigyang kasagutan ang mga palaisipang ito.

**Halimbawa:**

a. **May isang bola sa mesa. Tinakpan ito ng sombrero. Paano nakuha ang bola nang di man lamang nagalaw ang sombrero?**
Sagot: (Butas ang tuktok ng sombrero.)

b. **Sa isang kulungan ay may limang baboy si Mang Juan. Lumundag ang isa, ilan ang natira?**
Sagot: (Lima pa rin kasi lumundag lang naman ang baboy at hindi umalis)

## III. SANGGUNIAN

Mula sa internet:
https://www.tagaloglang.com/palaisipan/
https://www.coursehero.com/file/49959229/31-TULApdf/

## IV. MGA GAWAIN

**GAWAIN 1**

**Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga bugtong. Piliin ang tamang sagot sa kahon at isulat ito sa patlang bago ang bawat bilang.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| sumbrero | kalendaryo | atis | unan |
| sapatos | paying | makahiya | sitaw |
| | bombilya | yelo | |

**Bugtong:**

__________ 1. Ate mo, ate ko. Ate ng lahat ng tao.

__________ 2. Nang munti pa ay paruparo, nang lumaki ay latigo.

__________ 3. Bumili ako ng alipin, mataas pa sa akin.

__________ 4. Walang sala ay ginapos, tinapakan pagkatapos.

__________ 5. Ako'y aklat ng panahon, binabago taun-taon.

__________ 6. Hinila ko ang tadyang, lumapad ang tiyan.

__________ 7. Malambot na parang ulap, kasama ko sa pangangarap.

__________ 8. Isang butil ng palay, sakop ang buong buhay.


__________ 9. Nakaluluto'y walang init, umuusok kahit na malamig.

__________ 10. Nang hinawakan ko ay namatay, nang iniwan ko ay nabuhay.


**GAWAIN 2**

Panuto: Gamit ang Venn diagram, ihambing ang mga katangian ng tula/awiting panudyo, tugmang de gulong, bugtong, at palaisipan. Isulat sa gitnang bahagi ang pagkakatulad ng dalawang karunungang bayang inihahambing,

1.




2.



**GAWAIN 3**

Panuto: Magbigay ng halimbawa ng mga karunungang bayang nabasa o narinig mo sa inyong pamayan. Ang halimbawang ibibigay ay dapat nakasulat sa sarili mong diyalekto.

| | |
|---|---|
| 1. Tula/ Awiting Panudyo | |
| 2. Tugmang de gulong | |
| 3. Bugtong | |
| 4. Palaisipan | |

**REPLEKSIYON**

Natutuhan ko na mahalagang patuloy na basahin, pag-aralan, at matuto mula sa iba't ibang alamat ng ating bayan dahil:

___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________
___________________________________________________________________

**SUSI SA PAGWAWASTO:**

*Gawain 1*

1. *Atis*
2. *Sitaw*
3. *Sumbrero*
4. *Sapatos*
5. *Kalendaryo*
6. *Payong*
7. *Unan*
8. *Bombilya*
9. *Yelo*
10. *Makahiya*

*Gawain 2*

*Ang puntos ay batay sa sagot ng mag- aaral.*

*Gawain 3*

*Ang puntos ay batay sa sagot ng mag- aaral.*